## **Abiso ng Karapatang Iapela ang Pagpapasya sa Iyong Kalipikasyon para sa Paratransit**

Napagpasyahan ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane) ang tungkol sa iyong kalipikasyon para sa serbisyo ng Paratransit sa ilalim ng Americans with Disabilities Act (Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan). Kung tutol ka sa pasyang ito, mayroon kang karapatang iapela at ipaliwanag sa opisyal na tagapagdinig kung bakit hindi wasto ang naging pagpapasya.

Kailangang nakasulat ang iyong apela at may postmark sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng iyong liham ng pagpapasya. Maaari mong gamitin ang kalakip na Notice of Appeal form (pormularyo para sa Abiso ng Pag-apela) upang humiling ng apela.

Kung hihiling ka ng harapang pagdinig tungkol sa iyong apela, agad na gagawa ang STA ng iskedyul para sa pagdinig (na karaniwang sa loob ng 30 araw). Maaari kang magsama ng isang tao sa pagdinig bilang tagasuporta o upang magsalita para sa iyo. Bibigyan ka ng STA ng libreng sakay na Paratransit papunta sa pagdinig.

Ang mga kapansanang isiniwalat lang sa iyong nakasulat na aplikasyon o sa panahon ng harapang pagtatasa ang puwedeng isaalang-alang sa apela. Kung gusto mong isaalang-alang ng STA ang isang karagdagang kapansanan o kondisyon, maaari kang mag-apply ulit para sa Paratransit anumang oras sa pamamagitan ng pagsusumite ng bagong aplikasyon.

Sa loob ng 30 araw mula sa pagtapos sa proseso ng pag-apela, padadalhan ka ng opisyal na tagapagdinig ng nakasulat na pasya tungkol sa apela. Pinal na ang pasyang ito, at pagtitibayin, babaligtarin, o babaguhin nito ang orihinal na pagpapasya para sa kalipikasyon.

Kung may mga tanong ka tungkol sa proseso ng pag-apela o kung gusto mong hilingin ang dokumentong ito sa isang alternatibong format, makipag-ugnayan sa Opisyal para sa Accessibility ng STA sa (509) 325-6094 (TTY WA Relay 711) o STAappeals@spokanetransit.com.

*Alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, ang Spokane Transit ay hindi nagpapakita ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan.*

Kung kailangan ang impormasyon sa ibang wika, makipag-ugnayan sa (509) 325-6094.
Si necesita información en otro idioma, comuníquese al (509) 325-6094.
Для получения информации на другом языке звоните по тел. (509) 325-6094.
Nếu quý vị cần thông tin bằng một ngôn ngữ khác, xin vui lòng gọi số (509) 325-6094.

# <u>Notice of Appeal (Abiso ng Pag-apela)</u>

Pakisagutan ang form na ito kung gusto mong iapela ang pagpapasya ng STA tungkol sa iyong kalipikasyon para sa mga serbisyo ng Paratransit. Kapag nasagutan na, pakibalik ito sa address na nakalista sa ibaba. Ang mga sinagutang form ay kailangang may postmark sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng iyong liham ng pagpapasya.

Pangalan ng Aplikante:________________________________

Numero ng Paratransit ID: ________

(Kung hindi ang Aplikante)
Pangalan ng taong nagsusumite sa form na ito: ________________________

Kaugnayan sa Aplikante: __________________________________________

Pumili ng isa sa sumusunod:

______ Gusto kong magpasa ng karagdagang nakasulat na impormasyon upang maisaalang-alang ng opisyal na tagapagdinig, pero hindi ko gustong mag-apela nang harapan. (Kung pipiliin mo ang opsiyong ito, ipadala kasabay ng form na ito ang lahat ng karagdagang impormasyong gusto mong isaalang-alang ng opisyal na tagapagdinig. Isaalang-alang ang impormasyong nakalagay sa pahinang kalakip sa iyong liham ng pagpapasya na pinamagatang “Explanation of Eligibility Determination (Paliwanag tungkol sa Pagpapasya para sa Kalipikasyon” kapag naghahanda ng karagdagang impormasyon.)

______ Gusto kong mag-apela nang harapan. (Kung pipiliin mo ang opsiyong ito, makikipag-ugnayan sa iyo ang opsiyal na tagapagdinig upang mag-iskedyul ng araw at oras para sa pagdinig sa apela na mapagkakasunduan ninyo. Maaari kang magdala ng karagdagang nakasulat na impormasyon sa pagdinig, at puwede kang dumalo kasama ng iba pang taong makapagbibigay ng impormasyon para sa iyo.)

Lagda:____________________ Petsa: _____________

Pangalang Nakasulat nang Hindi Dikit-dikit: ____ Telepono: ___________

Ibalik ang sinagutang form sa:
STA Ombudsman
1230 W. Boone Ave.
Spokane, WA 99201